

Mga Lokasyon ng Opisina at Mailing Address ng DI

Chico	645 Salem Street (PO Box 8190, Chico, CA 95927-8190)
Chino Hills	15315 Fairfield Ranch Road, Ste. 100 (PO Box 60006, City of Industry, CA 91716-0006)
Fresno	2555 S. Elm Avenue (PO Box 32, Fresno, CA 93707-0032)
Long Beach	4300 Long Beach Blvd., Ste. 600 (PO Box 469, Long Beach, CA 90801-0469)
Los Angeles	888 S. Figueroa Street, Ste. 200 (PO Box 513096, Los Angeles, CA 90051-1096)
Oakland	7677 Oakport Street, Ste. 325 (PO Box 1857, Oakland, CA 94606-1857)
Sacramento	5009 Broadway (PO Box 13140, Sacramento, CA 95813-3140)
San Bernardino	371 West 3rd Street (PO Box 781, San Bernardino, CA 92402-0781)
San Diego	9246 Lightwave Avenue, Bldg. A, Ste.300 (PO Box 120831, San Diego, CA 92112-0831)
San Francisco	745 Franklin Street, Rm. 300 (PO Box 193534, San Francisco, CA 94119-3534)
San Jose	297 West Hedding Street (PO Box 637, San Jose, CA 95106-0637)
Santa Ana	2 MacArthur Place, Suite 400 (PO Box 1466, Santa Ana, CA 92702-1466)
Santa Barbara	128 East Ortega Street (PO Box 1529, Santa Barbara, CA 93102-1529)
Santa Rosa	606 Healdsburg Avenue (PO Box 700, Santa Rosa, CA 95402-0700)
Stockton	3127 Transworld Dr., Ste. 150 (PO Box 201006, Stockton, CA 95201-9006)
Mga empleyado ng Pamahalaang Estado ng California	(PO Box 2168, Stockton, CA 95201-2168)
Van Nuys	15400 Sherman Way, Rm. 500 (PO Box 10402, Van Nuys, CA 91410-0402)



ESTADO NG CALIFORNIA

LABOR AT WORKFORCE DEVELOPMENT AGENCY

KAGAWARAN NG PAG-UNLAD NG TRABAHO

Ang polyetong ito ay para lamang sa pangkalahatang impormasyon, at wala ang puwersa at epekto ng batas, patakaran o regulasyon.

Ang EDD ay isang pantay na oportunidad sa employer/programa. Ang mga pansuportang tulong at serbisyo ay magagamit kapag hiniling ng mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o mga kahalinging format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa DI 1-866-490-8879. Sa mga gumagamit ng TTY, mangyaring tawagan ang California Relay Service sa 711.



MGA PROBISYON SA SEGURO SA KAPANSANAN



Ang **kapansanan** ay isang sakit o pinsala, pisikal man o mental, na pumipigil sa karaniwang trabaho. Kabilang sa kapansanan ang pinagpasyahang operasyon, pagbubuntis, panganganak, o kaugnay na mga kondisyong medikal.

Ang **Disability Insurance (DI)** ay isang bahagi ng sa State Disability Insurance (SDI) program, na idinisenyo upang palitan nang bahagya ang mga nawalang sahod dahil sa kapansanan na walang kaugnayan sa trabaho (tingnan ang "Ibang Mga Programa," para sa mga kapansanan na may kaugnayan sa trabaho).

Ang mga kontribusyon ng SDI ay binabayaran ng mga manggagawa ng California na sakop ng SDI program. Ang halaga ng kontribusyon ay maaaring magkaiba sa bawat taon. Para sa kasalukuyang mga halaga, bisitahin ang [State Disability Insurance \(edd.ca.gov/disability\)](http://State Disability Insurance (edd.ca.gov/disability)), o makipag-ugnayan sa Employment Development Department (EDD) DI customer service sa 1-800-480-3287 o sa EDD employment tax customer service sa 1-888-745-3886.

Mga Plan ng DI

- State Plan. Ang plano sa DI ng estado ay tinatalakay sa brosyur na ito.
- Voluntary Plan (VP). Isang pribadong plano, na maaaring ihalili sa State Plan. Ang Vountary Plans ay naitatag kung ang employer at ang karamihan ng empleyado ay sumasang-ayon na gawin ito. Ang impormasyon sa VP at pagsusumite ng claim ay ginagawa sa pamamagitan ng iyong employer. Kung ikaw ay saklaw ng isang VP, ang mga probisyon sa brosyur na ito ay maaaring hindi maikakapit sa iyo. Kumuha ng impormasyon tungkol sa saklaw ng iyong seguro at magsumite ng VP claime sa pamamagitan ng iyong employer.
- Elective Coverage (EC). Ang mga employer at mga taong may sariling trabaho, kabilang ang mga pangkalahatang kasosyo, ay maaaring magpasya ng saklaw ng seguro sa ilalim ng SDI. Ang paraan sa pagkalkula ng mga benepisyo para sa mga kalahok ng EC ay hindi katulad ng para sa mandatoryong nagbabayad ng halaga. Ang gastos sa pakikilahok, na itinatakda nang taunan, ay maaaring makuha mula sa inyong lokal na EDD Employment Tax Customer Service Office.

Inisusumite ang mga EC claim sa parehong paraan ng pagsusumite ng mga claim sa State Plan. Gayunpaman, mayroong mga pagkakaiba sa mga kinakailangang para maging kwalipikado mula sa mga nakalista sa polyetong ito.

Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-aplay para sa saklaw ng seguro, makipag-ugnayan sa EDD DI customer service sa 1-800-480-3287, sa EDD employment tax customer service sa 1-888-745-3886, o bisitahin ang [State Disability Insurance \(edd.ca.gov/disability\)](http://State Disability Insurance (edd.ca.gov/disability)).

Paano Mag-claim ng Mga Benepisyo ng State Plan

1. Gamitin ang **SDI Online** upang ligtas na magsumite para sa mga benepisyo o humiling online ng papel na form para sa claim.
 - Online: [State Disability Insurance \(edd.ca.gov/disability\)](http://State Disability Insurance (edd.ca.gov/disability)).
 - Sa pamamagitan ng telepono: 1-800-480-3287.
 - Sa pamamagitan ng mail: EDD, Disability Insurance, PO Box 989777, West Sacramento, CA 95798-9777.
 - Ang mga empleyado ng gobyerno sa estado ng California na saklaw ng SDI ay dapat tumawag sa 1-866-352- 7675.
2. Kung nagsusumite sa SDI Online, kumpletuhin ang lahat ng kinakailangang patlang. Magbibigay ang SDI Online ng numero ng resibo kapag naisumite na ang claim.

Kung gumagamit ng papel na *Claim for Disability Insurance (DI) Benefits* (DE 2501) form, kumpletuhin at lagdaan ang Bahagi A-Pahayag ng Claimant. Isulat nang malinaw, at beripikahin na ang iyong mga sagot ay kumpleto at tama dahil nakakaantala ng bayad ang mga mali.

3. Ipakumpleto sa iyong doktor/manggagamot ang Bahagi B - Sertipiko ng Doktor/Manggagamot sa online o gumagamit ng papel na form para sa claim. Kung nagsusumite sa online, kakailanganin ng iyong doktor/manggagamot ang iyong numero ng resibo upang kumpletuhin ang Bahagi B - Sertipiko ng Doktor/Manggagamot.

Karaniwang hindi nakakapagsimula ang claim nang higit sa pitong araw bago ka nasuri o nasa pangangalaga ng isang doktor/manggagamot. Ang sertipikasyon at maaaring gawin ng isang:

- Lisensyadong medical o osteopathic physician at surgeon.
- Nanggagamot ng Nars
- Katulong na Doktor.
- Chiropractor.
- Dentista.
- Podiatrist.
- Optometrist.
- Itinalagang psychologist.
- Awtorisadong opisyal ng medikal ng isang pasilidad ng gobyerno ng Estados Unidos.

Ang sertipikasyon ay maaari ring gawin ng isang lisensyadong nurse-midwife o lisensyadong midwife para sa may kaugnayan sa mga kapansanan hanggang sa normal na pagbubuntis o panganganak.

4. Magsumite sa online o isumite ang iyong papel na form para sa claim sa loob ng 49 na araw mula sa petsa na nagsimula ang iyong kapansanan. Kung nahuli ang iyong claim, maaari kang mawalan ng mga benepisyo maliban kung tinanggap na makatuwiran ang iyong paliwanag sa pagkaantala.

Paano Binabayaran ang mga Benepisyo

- Kung kwalipikado kang makatanggap ng mga benepsiyo, dalawa ang opsyon mo para sa bayad: gamit ang **EDD Debit Card**SM sa Bank of America, o sa pamamagitan ng **tseke**. Hindi mo kailangang tanggapin ang EDD Debit Card. Mangyaring maghintay ng 7 hanggang 10 araw para maipadala ang mga tseke sa pamamagitan ng mail.

- Ang mga claim na nakumpleto nang pinakatama ay ipoproseso sa loob ng 14 na araw.

- Ang unang pitong araw ng iyong DI claim ay walang bayad na panahon ng paghihintay. Kung ang claim ay isinumite para sa katulad o kaugnay na sanhi o kundisyon sa loob ng 60 araw ng unang pag-claim, ito ay ipoproseso bilang karugtong ng unang claim kung saan tapos na ang panahon ng paghihintay. Wala ng bagong panahon ng paghihintay sa naturang mga kaso.

Ang mga benepisyo ay binabayaran nang mabilis hangga't maaari pagkatapos matanggap ang lahat ng impormasyon para sa pagiging kwalipikado. Kung naaabot mo ang lahat ng kinakailangan para maging kwalipikado, ang mga benepisyo ay aawtorisahan. Kung kwalipikado ka para sa higit pang benepisyo, ikaw ay aawtorisahan para karagdagang mga benepisyo sa elektronikong paraan o magpadala ng *Claim For Continued Disability Benefits* (DE 2500A) na form ng sertipikasyon upang makumpleto mo para sa susunod na panahon ng benepisyo. Ang mga panahon ng benepisyong ito ay karaniwang dalawang linggo ang pagitan. Gayunpaman, binabayaran ng DI ang mga benepisyo batay sa arawan na pagiging kwalipikado sa loob ng pitong araw na linggo sa kalendaryo. Ang mga parsyal na linggo ay binabayaran sa halagang arawan. Ang halagang ito ay isang-ikapito ng iyong lingguhang benepisyo. Mangyaring maghintay ng 10 araw mula sa petsa na ipapadala mo sa pamamagitan ng mail o magsumite ng sertipikasyon para matanggap ang bayad.

Paano Tinutukoy ang Halaga ng Iyong Benepisyo

Ang mga halaga ng benepisyo ay batay sa mga sahod na binayaran sa partikular na 12-buwan na **batayang panahon**, na tinutukoy ayon sa petsa na magsisimula ang iyong claim. Pag-isipan kung kailang magsisimula ang iyong claim dahil maaaring makaapekto ito sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo, sa halaga ng iyong maximum na benepsiyo, at sa panahon ng pagiging kwalipikado mo sa benepisyo.

Mga sahod sa **batayang panahon** lamang na sakop ng mga kontribusyon ng SDI ang maaaring gamitin sa pagkalkula ng iyong mga benepisyo. Upang maging kwalipikado, dapat kumita ka ng hindi bababa sa \$300 sa batayang panahon mo. Ang buwan na magsisimula ang iyong claim ang magsasabi kung aling apat na sunud-sunod na tatlong buwan ang ginamit.

Kung ang iyong claim ay magsisimula sa:

- Enero, Pebrero, o Marso, ang batayang panahon mo ay ang 12 buwan na magtatapos sa Setyembre 30.** (Halimbawa: Ang isang claim na magsisimula sa Pebrero 14, 2021, ay gagamit ng batayang panahon ng Oktubre 1, 2019, hanggang Setyembre 30, 2020.)

- Abril, Mayo, o Hunyo, ang batayang panahon mo ay ang 12 buwan na magtatapos sa Disyembre 31.** (Halimbawa: Ang isang claim na magsisimula sa Hunyo 20, 2021, ay gagamit ng batayang panahon ng Enero 1, 2020, hanggang Disyembre 31, 2020.)

- Hulyo, Agosto, o Setyembre, ang batayang panahon mo ay ang 12 buwan na magtatapos sa Marso 31.** (Halimbawa: Ang isang claim na magsisimula sa Setyembre 27, 2021, ay gagamit ng batayang panahon ng Abril 1, 2020, hanggang Marso 31, 2021.)

- Oktubre, Nobyembre, o Disyembre, ang batayang panahon mo ay ang 12 buwan na magtatapos sa Hunyo 30.** (Halimbawa: Ang isang claim na magsisimula sa Nobyembre 2, 2021, ay gagamit ng batayang panahon ng Hulyo 1, 2020, hanggang Hunyo 30, 2021.)

Mga eksepsiyon: Kung matukoy na hindi balido ang iyong claim, ngunit wala kang trabaho at naghahanap ng trabaho sa loob ng 60 araw o higit pa sa alinmang tatlong buwan ng iyong batayang panahon, maaaring mo mapapalitan ang mga nabayarang sahod sa mga naunang tatlong buwan.

Maaaring kwalipikado ka sa kapalit na mga sahod na nabayaran sa mga naunang tatlong buwan para maging balido ang iyong claim o pataasin ang halaga ng iyong benepisyo, kung sa iyong batayang panahon ikaw ay:

- Nagserbsiyo sa militar.
- Nakatanggap ng mga benepisyo na kompensasyon para sa manggagawa.
- Hindi nagtrabaho dahil sa hindi pagkakasundo sa trabaho.

Kung ang sitwasyon mo ay umaakma sa alinman sa nasa itaas, maglakip ng sulat at pansuportang dokumento sa iyong form para sa claim.

Pagpapatuloy ng Sahod. Maaaring maapektuhan ang iyong mga benepisyo sa DI kung patuloy kang pinapasahod ng iyong employer sa panahon ng pag-claim mo ng DI. Ang mga benepisyo at sahod ng DI ay maaaring lumampas sa iyong regular na lingguhang sahod. Hindi maaapketuhan ng bayad sa bakasyon ang mga benepisyo ng DI na maaaring matanggap mo.

Maximum na mga Benepisyo. Ang maximum na halaga ng benepisyo ay 52 beses ng lingguhang halaga, ngunit hindi higit sa iyong kabuuang sahod sa batayang panahon. Eksepsiyon: Para sa mga employer at may sariling trabahong indibidwal na pipili na maging saklaw ng SDI, ang maximum na halaga ng benepisyo ay 39 na beses ng lingguhang halaga.

Bukod pa rito, ang mga benepisyo ay mababayaran lamang sa limitadong panahon sa isang residente na nasa tuluyan sa pagpapagaling ng akoholismo o sa residensyal na pasilidad na malaya sa droga na parehong lisensyado at sertipikado ng estado kung saan matatagpuan ang pasilidad. Gayunpaman, ang mga kapansanan na may kaugnayan o dulot ng malala o pabalik-balik alokoholismo o pag-abuso ng droga, na ginagamot, ay walang ganitong limitasyon.

Pagbubuntis. Tulad ng anumang medikal na karamdaman, magsisimula ang panahon ng iyong kapansanan sa unang araw na hindi mo na kayang gawin ang iyong regular o karaniwang trabaho. Ang mga benepisyo ng DI ay batay sa panahon ng sinertipakahan ng iyong doktor/manggagamot na hindi mo na kayang gawin ang iyong regular o karaniwang trabaho. Huwag ipadala ang iyong claim para sa mga benepisyo ng DI na may kaugnayan sa pagbubuntis hanggang sa petsa na masertipikahan ng iyong doktor/manggagamot na hindi mo na kayang magtrabaho.

Tandaan: Para sa impormasyon tungkol sa Paid Family Leave (PFL), tingnan ang "Ibang Mga Programa" na seksyon ng brosyur na ito.

Maaaring Hindi Ka Kwalipikado sa mga Benepisyo

- Kung tumatanggap ka ng Unemployment Insurance (UI) o mga benepisyo ng PFL.

- Kung hindi ka nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho sa panahong magsimula ang iyong kapansanan.

- Kung nakakulong ka dahil sa sentensiya ng isang krimen.
- Kung binabayaran ang buong mong sahod.

- Kung tumatanggap ka ng kompensasyon para sa manggagawa sa lingguhang halaga na katumbas o higit sa halaga ng DI. Kung ang mga benepisyo sa kompensasyon ng manggagawa ay binabayaran na mas mababa sa halaga ng iyong DI, maaaring bayaran sa iyo ang kulang.

- Para sa haba ng oras na nahuli ang claim (nang walang magandang dahilan).

- Kung gagawa ka ng pekeng claim o mabigong magreport ng mahalagang katotohanan. (30 porsiyentong multa ang maaaring ipataw kung ang sobra ang nabayaran sa mga benepisyo dahil sinadya mong hindi ibigay ang mahalagang katotohanan o gumawa ng pekeng pahayag.)

- Kung mabigo kang pumunta sa isang independiyente na pagsusuring medikal kapag hiniling. (Ang bayad sa naturang mga pagsusuri ay binabayaran ng EDD.)

Ang California Unemployment Insurance Code ay nagbibigay ng mga parusa kabilang ang multa, pagkakulong, at pagkawala ng karapatan sa benepisyo dahil sa panioloko laban sa programa ng SDI.

Mga Karapatan Mo

- Alamin ang dahilan at batayan para sa anumang desisyon na makakaapekto sa iyong mga benepisyo.

- Iapela ang anumang desiston tungkol sa iyong pagkakwalipikado sa mga benepisyo. Ang mga apela ay dapat ipadala sa opisina ng DI sa pamamagitan ng liham.

- Humiling ng pagdinig sa apela sa harap ng isang Administrative Law Judge (ALJ). Maaari mo pang iapela ang desisyon ng ALJ sa California Unemployment Isurance Appeals Board at sa mga korte.

- Pagkapribado – lahat ng impormasyon sa claim ay iingatang kumpidensyal maliban sa mga layunin na pinapayagan ng batas.

Mga Obligasyon Mo

- Kumpletuhin ang iyong claim at ibang mga form nang tama at makatotohanan.

- Isumite ang iyong claim at ibang mga form ayon sa mga limitasyon sa oras na nasa mga form. Kung huli nang isumite ang iyong claim at naniniwala kang may maganda kang dahilan sa pagiging huli, dapat magsama ka ng nakasulat na paliwanag ng (mga) dahilan sa form.

- Kontakin ang DI kung hindi mo naiintindihan ang isang tanong o kung paano ito sasagutin.

- Isama ang iyong pangalan at claim identification number sa mga liham sa DI.

Kontakin ang DI

- Sa pamamagitan ng telepono sa:
 - Ingles 1-800-480-3287
 - Spanish 1-866-658-8846

- Sa pamamagitan ng **U.S. mail** na ang address ay sa PO Box 13140, Sacramento, CA 95813-3140. Kung wala kang kasalukuyang claim, maaari kang sumulat sa anumang opisina ng DI. **Tandaan:** Huwag i-mail ang mga claim form sa PO Box na ito.

- Sa pamamagitan ng **TTY** (para sa mga TTY user lamang) sa 1-800-563-2441.

- Sa personal** sa pamamagitan ng pagbisita sa anumang opisina ng DI na nakalista sa ilalim ng "Mga Lokasyon ng Opisina ng DI."

Ibang Mga Programa

Kung masugatan ka sa trabaho o magkasakit bilang resulta ng iyong trabaho, ipaalam sa iyong employer.

Kung kaya mo at bakante kang magtrabaho pero walang trabaho, makipag-ugnayan sa UI program sa pamamagitan ng pagbisita sa **Unemployment Insurance** (edd.ca.gov/unemployment) o sa pamamagitan ng telepono sa 1-800-300-5616 (TTY 1-800-815-9387).

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng trabaho, pagsasanay sa trabaho, muling pagsasanay, o ibang mga serbisyo para makabalik sa trabaho, bisitahin ang iyong lokal na America’s Job Center of CaliforniaSM na nakalista sa **Service Locator** (careeronestop.org/LocalHelp/service-locator.aspx) o sa mga white page ng directory ng telepono mo.

Kung permanente na ang kapansanan mo o inaasahang magpatuloy nang isang taon o higit pa, makipag-ugnayan sa U.S. **Social Security Administration** (ssa.gov) o sa pamamagitan ng telepono sa 1-800-772-1213 (TTY 1-800-325-0778).

Kung kailangan mong lumiban sa trabaho para makasama ang pamilya, ang PFL ay magbibigay ng mga benepisyo para:

- Mag-alaga ng may malubhang sakit na miyembro ng pamilya (anak, magulang, biyenang, lolo o lola, apo, kapatid, asawa, o rehistradong kinakasama).
- Maglaan ng oras sa bagong anak na darating sa pamilya (sa pamamagitan ng panganganak, pag-ampon, o pag-aalaga ng batang galing sa ampunan).

- Makilahok sa isang kaganapan para sa kwalipikasyon na magreresulta na ang isang miyembro ng pamilya (asawa, rehistradong kinakasama, magulang, o anak) ay madestino bilang militar sa ibang bansa.

Makipag-ugnayan sa EDD PFL program sa pamamagitan ng pagbisita sa **State Disability Insurance** (edd.ca.gov/disability), o gamit ang telepono sa 1-877-238-4373, o sa California Relay Service sa 711.

Tandaan: Isang PFL bonding claim form ang awtomatikong ipapadala kasama ng pinal na bayad sa benepisyo sa bagong mga ina na tumatanggap ng mga benepisyo ng DI.

Kung ikaw ay isang biktima ng krimen, makipag-ugnayan sa California Victim Compensation program sa 1-800-777-9229 (TTY 1-800-735-2929). Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Victim/Witness Assistance Center ng inyong county.

Ang mga tanong tungkol sa mga obligasyon sa suporta para sa asawa o magulang ay dapat ipadala sa opisina ng abugado ng distrito para sa county na nag-isyu ng utos ng korte.

Ang mga tanong tungkol sa mga obligasyon sa suporta para sa anak ay dapat ipadala sa opisina ng Department of Child Support Services sa 1-866-901-3212 (TTY 1-866-399-4096).